# Talaan ng Impormasyon

## Mga Benepisyo ng Pagsasanay ng California

Pinahihintulutan ng California Training Benefits (CTB, Mga Benepisyo ng Pagsasanay ng California) ang mga naghahabol ng Unemployment Insurance (UI, Seguro sa Pagkawala ng Trabaho) na palawakin ang kanilang edukasyon, pagbutihin ang kanilang mga kasanayan, o matuto ng bagong hanapbuhay sa pamamagitan ng pagdalo sa aprubadong paaralan o programa ng pagsasanay ng Employment Development Department (EDD, Kagawaran ng Pagpapaunlad sa Empleo) habang tumatanggap sila ng benepisyo ng UI.

Ang mga inaprubahang kalahok ng CTB ay may eksemsiyon sa mga karaniwang pangangailangan sa paghahabol sa UI na maging available para sa trabaho, maghanap ng trabaho, at makatanggap ng angkop na trabaho sa panahon ng kanilang pagdalo sa isang programa ng pagsasanay na inaprubahan ng EDD. Ang mga naghahabol ng UI na magtatanong tungkol sa pagdalo sa paaralan o programa ng pagsasanay bago makatanggap ng kanilang ika-16 na linggo ng regular na mga pagbabayad ng benepisyo ng UI ay maaari ding maging karapat-dapat para sa mga karagdagang linggo ng mga benepisyo ng pagpapatuloy ng pagsasanay.

Dapat matiyak ng EDD ang pagpapatala at pagdalo ng naghahabol ng UI sa nagbibigay ng pagsasanay bago matukoy ang pagiging karapat-dapat na lumahok sa CTB, anumang uri ng programa ng pagsasanay.

### Mga Karapat-dapat na Programa ng Pagsasanay

Maaaring maging karapat-dapat na lumahok sa CTB ang mga naghahabol ng UI na dumadalo sa mga programa ng pagsasanay na inorganisa ng pamahalaan o sa ilang mga uri ng may sponsor na pagsasanay. Ang mga sumusunod na uri ng mga programa ng pagsasanay ay maaaprubahan kapag natiyak ng EDD ang pagpapatala at pagdalo ng naghahabol.

### *Mga Programa ng Pagsasanay na Inorganisa ng Pamahalaan*

- Federal Workforce Innovation and Opportunity Act (Batas Pederal sa Inobasyon at Oportunidad ng Puwersa ng Manggagawa).
- California Employment Training Panel (Panel ng Pagsasanay sa Trabaho sa California).
- Federal Trade Adjustment Assistance (Pederal na Tulong sa Pagbabago sa Kalakalan).
- California Work Opportunity and Responsibility to Kids (Oportunidad sa Trabaho at Responsibilidad sa mga Bata ng California).
- Mga Programa at tagapagbigay na nakalista sa Listahan ng mga Karapat-dapat na Tagapagbigay ng Pagsasanay sa California.
- Mga programa ng kredensyal sa pagtuturo ng isang paksa sa K-12 na matematika, agham, o pantanging edukasyon, na inaprubahan ng Komisyon ng California sa Pagtuturo ng Kredensyal.

### *Mga May Sponsor na Programa ng Pagsasanay*

- Mga aktibong miyembro na journey level (manggagawang may karanasan at kwalipikado sa isang hanapbuhay ngunit walang lisensya) ng isang unyon o kapisanan ng mga manggagawa sa pagsasanay na may kaugnayan sa kanilang industriya.
- Pagsasanay mula sa employer o pagsasanay na ini-sponsor ng samahan ng mga employer.
- Pagsasanay sa apprenticeship na inaprubahan ng estado o ng pederal na pamahalaan.

### Self-Arranged na Pagsasanay

Ang mga naghahabol na karapat-dapat para sa mga benepisyo ng UI at nag-aasikaso ng kanilang sariling pagdalo sa pagsasanay ay maaari lamang maging karapat-dapat para sa CTB kung matutugunan nila ang lahat ng mga legal na pangangailangan para sa self-arranged na pagsasanay, na nagsaad na:

- Ang programa ng pagsasanay ay hahantong sa pagkakaroon ng trabaho o mga kasanayan na hinahanap sa lokal na merkado ng paggawa.

- Ang programa ng pagsasanay ay full-time (karaniwang hindi bababa sa 20 oras kada linggo o 12 semestre o quarter unit).
- Ang tagapagbigay ng pagsasanay ay ganap na kinikilala ng Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. o ng Kawanihan ng California para sa Pribadong Edukasyon Pagkatapos ng Sekondarya.
- Ang programa ng pagsasanay ay maaaring makumpleto sa makatwirang haba ng panahon (karaniwang hindi hihigit sa dalawang taon).
- Ang programa ng pagsasanay ay maaaring matagumpay na makumpleto, kahit na hindi sapat ang pinakamataas na halaga ng mga benepisyo ng UI na available sa paghahabol upang saklawan ang tagal ng buong programa ng pagsasanay.

## Pagiging Karapat-dapat sa Pagpapatuloy ng Pagsasanay

Upang maging karapat-dapat para sa paghahabol sa pagpapatuloy ng pagsasanay, dapat matugunan ng mga kalahok ang lahat ng pamantayan ng CTB sa pagiging karapat-dapat at magtanong tungkol sa pagdalo sa paaralan o pagsasanay bago matanggap ang kanilang ika-16 na linggo ng regular na mga pagbabayad ng benepisyo ng UI. Mababayaran lamang ang mga benepisyo ng pagpapatuloy ng pagsasanay habang pumapasok ang kalahok sa naaprubahang programa ng pagsasanay. Ang mga pagpapatuloy ng pagsasanay ay maaaring magbigay ng hanggang sa sukdulang 52 kabuuang linggo ng mga pagbabayad ng benepisyo, na nabawasan ng lahat ng iba pang mga benepisyo ng UI na babayaran sa naghahabol. Pinapayagan ang isa lamang na pagpapatuloy ng pagsasanay para sa bawat paghahabol sa UI. Ang mga pagpapatuloy ng pagsasanay ay hindi maaaring bayaran sa panahon ng bakasyon sa tag-init na tumatagal ng higit sa tatlong linggo.

## Matrikula, Mga Libro, at Mga Kabayaran

Hindi sinasaklawan ng EDD ang anumang gastusin sa paaralan o gastusin na may kaugnayan sa pagsasanay tulad ng matrikula, mga kabayaran, mga libro, mga gamit, o transportasyon. Gayunpaman, ang mga kalahok ay maaaring mag-aplay sa iba pang mga programa ng estado, pederal na pamahalaan, o tagapagbigay ng trabaho na nagpopondo sa pagsasanay. Bisitahin ang **www.studentaid.ed.gov** upang matuto nang higit pa tungkol sa mga available na uri ng mga programa sa tulong pinansiyal.

## Para sa Higit pang Impormasyon

Matatagpuan sa artikulo 1.5 ng California Unemloyment Insurance Code (Kodigo sa Seguro sa Pagkawala ng Trabaho ng California) ang legal na kwalipikasyon para sa programa ng CTB. Para sa karagdagang impormasyon sa programa ng CTB bisitahin ang **www.edd.ca.gov/CTB**.

---

Ang EDD ay isang employer/programa para sa patas na oportunidad. Available sa mga indibidwal na may mga kapansanan ang karagdagang tulong at mga serbisyo kapag hiniling. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o alternatibong format ay kailangang ihain sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (voice). Para sa mga user ng TTY, mangyaring tumawag sa California Relay Service sa 711.